**Petsa: September 18, 2026**

# MGA KAUGALIAN NA HINDI BAHAGI NG ISLAM SA PAG-AASAWA AT DIBORSYO

## UNANG KHUTBAH

Ang lahat ng papuri ay para kay Allah na nagparangal sa atin higit sa ibang mga pamayanan sa pamamagitan ng Dakilang Qur’an. Sa pamamagitan nito ay itinuwid Niya ang ating mga kaluluwa sa pagitan ng pangako at babala. Hindi ito maaaring pasukin ng kabulaanan, mula sa harap nito o mula sa likuran nito. Ito ay kapahayagan mula sa Allah, ang Marunong at Karapat-dapat sa lahat ng papuri.

Ako ay sumasaksi na walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah lamang. Siya ay walang katambal. Ito ay isang pagsaksi na mananatiling ating baon at kayamanan magpakailanman.

At ako ay sumasaksi na si Muhammad ay Kanyang alipin at Sugo. Nawa’y pagpalain at batiin siya ni Allah, gayundin ang kanyang pamilya at mga Kasamahan na nagtataglay ng kabutihan at wastong patnubay, at nawa’y bigyan sila ng masaganang kapayapaan hanggang sa Araw ng Karagdagang Gantimpala.

**“O kayong mga nanampalataya! Matakot kayo kay Allah nang tunay na nararapat na pagkatakot sa Kanya, at huwag kayong mamamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”** *(Āl ‘Imrān 3:102)*

**O mga Muslim!**

Kabilang sa mga pangkalahatang prinsipyo na pinagbatayan ng Sharī‘ah ng Islam ay ang pagpapagaan para sa mga taong may pananagutan sa batas ng Islam at pag-aalis ng labis na paghihirap sa kanila**.**

Dahil dito, maraming talata sa Qur’an at mga aral mula sa Sunnah ang nagpatibay sa dakilang prinsipyong ito. Sinabi ni Allah:

**“Nais ni Allah para sa inyo ang kaginhawahan at hindi Niya nais para sa inyo ang kahirapan.”** *(Al-Baqarah 2:185)*

At sinabi rin Niya:

**“At hindi Niya kayo ginawan ng anumang paghihirap sa relihiyon.”** *(Al-Hajj 22:78)*

Ang pamumuhay ng Propeta ﷺ ay nakabatay rin sa prinsipyong ito. Kapag siya ay binigyan ng pagpipilian sa pagitan ng dalawang bagay, pinipili niya ang mas madali sa mga ito hangga't hindi ito isang kasalanan.

Kung ang prinsipyong ito ay naaangkop sa lahat ng uri ng pagsamba at pakikitungo, higit na nararapat itong pairalin sa mga usapin ng pamilya. Sapagkat ang pamilya ang pundasyon ng lipunan.

Kapag ang pagpapagaan na itinuro ng Sharī'ah ay umiiral sa mga pamilya, nagiging matatag ang mga tahanan, nagiging madali ang pag-aasawa, nababawasan ang gastusin nito, at napoprotektahan ang mga karapatan kapag naganap ang diborsyo.

Ngunit kapag pinalitan ng mga tao ang patnubay ng Sharī'ah ng mga gawa-gawang kaugalian at mga tradisyong hindi bahagi ng Islam, ang kaginhawahan ay nagiging paghihirap. Ang bagay na ginawa ni Allah bilang dahilan ng kapanatagan at pagmamahalan ay nagiging daan ng pasanin, paghihirap at alitan.

**O mga mananampalataya!**

Masakit isipin na may ilang tao na hindi na gaanong pinamamahalaan ng mga batas ng Sharī'ah kundi ng mga kaugalian ng lipunan. Umabot na sa puntong ang ilang maling tradisyon ay inuuna kaysa sa mga malinaw na aral ng Islam, sa dahilan na: *"Ganito kasi ang nakasanayan ng mga tao."*

Nakagugulat! Ang pamantayan ba ng katotohanan ay ang ginagawa ng karamihan?

Sinabi ni Allah:

**"At kung susundin mo ang karamihan ng mga nasa kalupaan, ililigaw ka nila mula sa landas ni Allah. Wala silang sinusunod kundi haka-haka, at sila ay nagsisinungaling lamang."** *(Al-An'ām 6:116)*

Dahil dito, may ilang tao na mas natatakot sa sasabihin ng mga tao kaysa sa paglabag sa Sunnah.

Sinasabi ng ilan: *"Alam kong ito ay labis na pagpapahirap at pagpapabigat, pero ano ang sasabihin ng mga tao?"*

Sa ganitong paraan, ang opinyon ng mga tao ay nagiging siyang nagpapasya sa mga tahanan.

Isinalaysay ni Abū Nu'aym sa Al-Ḥilyah mula kay 'Abdullah ibn Mas'ūd na sinabi niya:

**"Huwag maging isang Imma'ah ang sinuman sa inyo."**

Tinanong siya: *"Ano ang Imma'ah, O Abū 'Abd al-Raḥmān?"*

Sinabi niya: **"Ang taong nagsasabi: 'Ako ay kasama ng mga tao. Kung sila ay napatnubayan, ako ay mapapatnubayan; at kung sila ay naligaw, ako rin ay maliligaw.' Dapat ihanda ng bawat isa sa inyo ang kanyang sarili na kahit mawalan ng pananampalataya ang mga tao, hindi siya mawawalan ng pananampalataya."**

**O mga mananampalataya!**

Iniutos ni Allah sa asawang lalaki ang pagbibigay ng **mahr** at ginawa Niya itong ganap na karapatan ng asawa.

Sinabi ni Allah:

**"At ibigay ninyo sa mga kababaihan ang kanilang mga mahr bilang isang kusang-loob na regalo. Ngunit kung kusang-loob nilang ibigay sa inyo ang anumang bahagi nito, tanggapin ninyo ito nang malugod at walang anumang masama."** *(An-Nisā' 4:4)*

Maaaring samahan ang mahr ng ilang simpleng regalo gaya ng damit, alahas at pabango, bilang pagpapasaya sa asawa at pagpapakita ng pagmamahal. Ito ang tinatawag sa ilang ating mga pamayanan na dazah/dazzeh**.**

Ngunit sa kasalukuyan, may mga pagkakataong nalilihis ito sa tunay na layunin nito at nagiging isang bagay na hindi kanais-nais. Mula sa pagiging simple at kusang-loob, nagiging paraan ito ng pagpapakitang-yaman, pagpapaligsahan, pagmamalaki at pagpapakitang-gilas sa harap ng iba.

Nagiging dahilan din ito upang magpaligsahan ang mga pamilya sa mga panlabas na anyo at gumastos sa mga bagay na hindi naman kailangan.

Ang ganitong mga gawain ay salungat sa itinuturo ng Sharī'ah na pagpapagaan, pag-iwas sa pag-aaksaya at pagmamataas, at pagsasara sa mga pintuan ng pagpapaligsahan sa k

Ayon kay 'Ā'ishah, sinabi ng Sugo ni Allah ﷺ:

**"Kabilang sa pagpapala ng isang babae ang pagpapadali sa kanyang pagpapakasal, pagpapadali sa kanyang mahr, at pagpapadali sa kanyang pakikipag-ugnayan sa kanyang mga kamag-anak."**

*(Isinalaysay ni Aḥmad; itinuring na ḥasan ni Al-Albānī.)*

**O mga mananampalataya!**

Kabilang sa mga bagay na nagpabigat sa mga tao sa ating panahon ay ang pagdami ng mga pagdiriwang bago at pagkatapos ng kasal.

Kapag natapos ang kasal, sunod-sunod ang mga okasyon, paulit-ulit ang mga handaan at dumarami ang mga pagdiriwang, hanggang sa ang kasal ay nagiging isang mahabang serye ng magkakasunod na gastusin.

Hindi naman ang pagsasaya at pagpapakita ng kaligayahan ang problema, sapagkat ito ay pinahihintulutan. Ang problema ay ang pagpapahirap sa sarili, labis na paggastos at pagmamalabis, at ang paggawa sa mga okasyong ito bilang mga kaugalian na nahihiyang iwan ng mga tao.

Sa ganitong paraan, ang saya na nais ng Islam na maging simple at magaan ay nagiging mabigat na pasaning pinansyal sa mga pamilya, nagiging dahilan upang maantala ang pag-aasawa ng mga kabataan, at nagtutulak sa kanila sa mga utang na hindi naman kinakailangan.

Isinalaysay nina Al-Bukhārī at Muslim mula kay Anas na nakita ng Propeta ﷺ kay ‘Abd al-Raḥmān ibn ‘Awf ang bakas ng pabango o kulay-dilaw na marka.

Tinanong siya ng Propeta ﷺ: **“Ano ito?”** Sinabi niya: *“Ako ay nagpakasal sa isang babae kapalit ng bigat ng isang butil ng ginto.”*

Sinabi ng Propeta ﷺ: **“Pagpalain ka ni Allah. Magdaos ka ng walīmah kahit isang tupa lamang.”** *(Isinalaysay nina Al-Bukhārī at Muslim.)*

Sinasabi ko ang mga narinig ninyo, at humihingi ako ng kapatawaran kay Allah para sa akin at para sa inyo. Humingi kayo ng kapatawaran sa Kanya; tunay na Siya ang Mapagpatawad, ang Maawain.

**ANG IKALAWANG KHUTBAH**

Ang lahat ng papuri ay para kay Allah dahil sa Kanyang kabutihan. At ang pasasalamat ay para sa Kanya dahil sa Kanyang paggabay at mga biyaya.

Sumasaksi ako na walang tunay na diyos na karapat-dapat sambahin maliban kay Allah lamang, na walang katambal, bilang pagkilala sa Kanyang kadakilaan.

At sumasaksi ako na si Muhammad ay Kanyang alipin at Sugo, ang tagapag-anyaya tungo sa Kanyang kaluguran. Nawa’y ang pagpapala at kapayapaan ni Allah ay mapasakanya, sa kanyang pamilya, mga Kasamahan at mga kapatid sa pananampalataya.

**Pagkatapos nito:**

Kaya matakot kayo kay Allah, O mga alipin ni Allah. Sapagkat sa pagkakaroon ng taqwā kay Allah ay matatagpuan ang kaligayahan ng mga alipin, at ito ang pinakamabuting baon para sa Araw ng Pagbabalik.

Sinabi ni Allah:

**“O kayong mga nanampalataya! Matakot kayo kay Allah, at hayaang tingnan ng bawat kaluluwa kung ano ang inihanda nito para sa bukas. At matakot kayo kay Allah. Tunay na si Allah ay Ganap na Nakababatid sa inyong ginagawa.”**
*(Al-Ḥashr 59:18)*

**O mga Muslim!**

Kung paanong nakapasok sa pag-aasawa ang mga kaugalian na hindi bahagi nito at naging dahilan ng pagpapabigat sa mga tao, gayundin ang diborsyo ay hindi nakaligtas sa ilang bagong gawain na sumira sa tunay na layunin nito sa Sharīʻah.

Ang diborsyo sa Islam, bagama’t pinahihintulutan kapag may pangangailangan, ay pagtatapos ng isang relasyon na minsang nakabatay sa pagmamahalan at awa.

Dahil dito, nagtakda ang Sharīʻah ng mga alituntunin at magandang asal upang mapangalagaan ang dignidad, maprotektahan ang mga karapatan at maiwasan ang paghihiganti at pagnanais na makapaghiganti.

Kabilang sa mga pinakamasamang bagong kaugalian sa bagay na ito ang tinatawag na “divorce party” o pagdiriwang ng diborsyo.

Ang isang sandali na maaaring puno ng sakit, kung saan nasisira ang isang pamilya at naaapektuhan ang mga anak, ay ginagawang okasyon ng pagdiriwang at pagpapakita ng saya—na para bang ang pagkasira ng isang tahanan ng Muslim ay isang bagay na dapat ikagalak!

Ito ay hindi naaayon sa mga layunin ng Sharīʻah na nag-utos ng paggawa ng mabuti sa panahon ng paghihiwalay.

Sinabi ni Allah:

**“Alinman ay pananatili sa paraang marangal, o pagpapalaya sa paraang may kabutihan.”** *(Al-Baqarah 2:229)*

Hindi bahagi ng kabutihan ang pagtanggap sa diborsyo sa pamamagitan ng maingay at magarbong pagdiriwang, o paggamit nito upang magpaalab ng galit at sama ng loob, o upang saktan ang damdamin ng kabilang panig.

Sa halip, ang nararapat ay tapusin ang kabanatang ito ng buhay nang may magandang asal, pagtatakip sa mga pagkukulang, pangangalaga sa mga karapatan at awa sa mga anak.

Isinalaysay ni Muslim mula kay Jābir na sinabi ng Sugo ni Allah ﷺ:

**“Tunay na inilalagay ni Iblīs ang kanyang trono sa ibabaw ng tubig. Pagkatapos ay ipinapadala niya ang kanyang mga hukbo. Ang pinakamalapit sa kanya ang siyang nakagawa ng pinakamalaking pagsubok. Lumalapit ang isa sa kanila at nagsasabi: ‘Ginawa ko ang ganito at ganoon.’ Sasabihin niya: ‘Wala kang nagawa.’ Pagkatapos ay lalapit ang isa at magsasabi: ‘Hindi ko siya iniwan hanggang sa pinaghiwalay ko siya at ang kanyang asawa.’ Kaya inilalapit niya ito sa kanyang sarili at sinasabi: ‘Napakabuti ng iyong ginawa.’”**

Sinabi ni Al-A‘mash: *“Sa palagay ko ay sinabi niya: ‘At niyayakap niya ito.’”*

Ito ay isang bagay na minamahal ni Iblīs. Kaya paano ito maaaring ipagdiwang ng isang tao?! Ang kaugaliang ito bagama’t hindi ito kilala sa ating mga bansa, at ang papuri ay para kay Allah ay lumitaw sa ilang pamayanang Muslim at ipinakalat sa pamamagitan ng social media.

**O mga pinagpalang Muslim!**

Ang pag-aasawa at diborsyo ay kabilang sa pinakamahahalagang usapin sa buhay. Kaya hindi iniwan ng Islam ang mga ito sa kagustuhan ng tao o sa pabago-bagong kaugalian.

Sa halip, pinalibutan ito ng mga alituntunin na nagpoprotekta sa relihiyon, nangangalaga sa pamilya at tumutupad sa kapakanan ng mga tao.

Anumang kaugalian ng mga tao na naaayon sa Sharī‘ah ay mabuti at maaaring kilalanin. Ngunit anumang sumasalungat sa batas ni Allah at sa patnubay ng Kanyang Sugo ﷺ ay hindi dapat bigyan ng halaga, kahit pa ito ay nakasanayan ng mga tao sa maraming henerasyon.

Kaya pagaanin ninyo ang pasanin ng inyong mga kabataan at gawing madali para sa kanila ang mga paraan tungo sa marangal na pamumuhay. Huwag ninyo silang pasanin ng mga gastusing hindi naman iniutos ni Allah.

At kapag naganap ang diborsyo, gawin itong diborsyong may kabutihan, hindi dahil sa paghihiganti o pagnanais na makasakit.

At maging gabay ng mag-asawa ang sinabi ni Allah:

**"At huwag ninyong kalimutan ang kabutihang ginawa ninyo sa isa't isa."**
*(Al-Baqarah 2:237)*

Hinihiling namin kay Allah na ayusin Niya ang mga tahanan ng mga Muslim at pag-isahin Niya ang mga puso ng mga mag-asawa.

O Allah, tulungan Mo kami na gampanan ang aming mga pananagutan at ilayo Mo kami sa pagtataksil at panlilinlang.

O Allah, gawin Mong sapat sa amin ang Iyong ipinahihintulot upang hindi namin kailanganin ang ipinagbabawal, at pagyamanin Mo kami sa pamamagitan ng Iyong biyaya upang hindi kami mangailangan ng iba bukod sa Iyo.

O Allah, mahalin Mo sa aming mga puso ang pananampalataya at pagandahin Mo ito sa aming mga puso. At kamuhian namin ang kawalan ng pananampalataya, kasamaan at pagsuway. At gawin Mo kaming kabilang sa mga nasa tamang landas.

O Allah, bigyan Mo ng karangalan ang Islam at ang mga Muslim, at ibagsak Mo ang Shirk at ang mga Mushrik. Ilayo Mo ang pagkukunwari at ang mga mapagkunwari. Tulungan Mo ang Iyong relihiyon, ang Iyong Aklat, ang Sunnah ng Iyong Propeta ﷺ at ang Iyong mga mananampalatayang alipin.

O Allah, patawarin Mo ang mga Muslim na lalaki at babae, at ang mga mananampalatayang lalaki at babae, ang mga nabubuhay sa kanila at ang mga yumao.

O Allah, gabayan Mo ang aming Amir at ang Kanyang Crown Prince tungo sa Iyong patnubay, at gawin Mong ang kanilang mga gawain ay naaayon sa Iyong pagsunod at Iyong kaluguran.

O Allah, gawin Mong ligtas at payapa ang bansang ito, sagana at maunlad, isang lupain ng seguridad at pananampalataya, gayundin ang lahat ng mga lupain ng mga Muslim.

**Ang Committee for the Preparation of the Model Friday Khutbah**